



## Mga Serbisyo ng Private Committee

### MGA MADALAS NA ISYU

#### ***Pag-apruba ng mga Account o Passing of Accounts***

- Kung isang buong accounting (Booklet A at B) man ang ginagawa mo o hindi buong accounting (Booklet A) ang isang sinumpaang pahayag (affidavit) para sa pag-apruba ng account o isang deklarasyon ayon sa batas ay dapat mapunan, mapirmahan at manotaryo sa pamamagitan ng isang Commissioner para sa Affidavits sa British Columbia. Ito ay dapat isumite sa aming opisina kasama ng iyong accounts package.
- Ang bawat isa ay dapat magkumpleto ng isang checklist sa Summary Booklet A (Form #1). Ginagawa nitong mas madali para sa iyo upang masigurado na ang mga account mo ay kumpleto sa lahat ng mga kinakailangang dokumentasyon at nagpapahintulot sa amin upang suriin at maiproseso ng mas mabilis ang iyong isinuniteng accounting.

#### ***Paggamit ng isang Propesyonal na Accountant***

- Ang pagpapanatili ng mga talaan ay isa lamang sa mga mahalagang responsibilidad ng committee. Kung ikaw ay nahihirapan sa paggawa ng mga ito o ang estate accounting ay masyadong kumplikado, maaari kang kumuha ng serbisyo ng isang propesyonal na accountant. Ang makatwirang mga gastos para sa ganitong mga serbisyo ay maaaring bayaran mula sa estate o mga pag-aari ng kliyente.

#### ***Magkasanib (Joint) na Bank Account***

- Hindi katanggap-tanggap na magkaroon ng isang joint account sa bangko na kasama ang tao na ikaw ang committee. Ang mga joint account ay karaniwang mayroong karapatan para sa survivorship. Nangangahulugan ito na kapag namatay ang tao na ikaw ang committee, ang buong account ay malilipat sa iyo. Bilang committee, hindi mo dapat ipwesto ang iyong sarili sa posisyon na makikinabang ka mula sa mga ari-arian na pinamamahalaan mo. Ang isang opsyon ay mairehistro ang bank account bilang “In Trust For” o “Committee For” sa tao na ikaw ang committee.

#### ***Pagbubunyag ng Interes ng Trust***

- Kung ang nasa hustong gulang na ikaw ang committee ay ang benepisyaryo ng trust, mayroon kang responsibilidad na kumuha at magsumite ng mga financial statement na kaugnay ng interes mula sa trust ng nasa hustong gulang kasabay ng iyong committee accounts kapag ang mga ito ay dapat nang bayaran.

#### ***Paga-apply para sa Pensiyon at Iba Pang Mga Benepisyo***

- Kung ang nasa hustong gulang na ikaw ang committee ay maaaring karapat-dapat para sa anumang mga pensiyon o iba pang mga benepisyo, kailangan mong mag-apply para sa mga pinagmumulan ng kitang ito sa kanyang ngalan.

#### ***Pagbabayad ng Mga Fees sa PGT***

- Kapag nagbabayad ng fees para sa mga pag-review ng account, mangyaring tiyakin na ang mga tseke ay nakapangalan sa “Public Guardian and Trustee”.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga tungkulin at responsibilidad ng private committee ay matatagpuan sa *Private Committee Handbook*, bisitahin sa online: [www.trustee.bc.ca/reports-and-publications/Pages/default.aspx](http://www.trustee.bc.ca/reports-and-publications/Pages/default.aspx).